

ELECTRONIC VISIT VERIFICATION (EVV) (PAGBERIPIKA NG ELEKTRONIKONG PAGBISITA)



Department of
Developmental
Services

Kalahok ng SDP at Edisyong Pampamilya

Ang EVV ay isang elektronikong talaan ng isang serbisyong inihahatid. Ito ay isang bagong kinakailangan sa pederal na batas para sa ilang serbisyong natatanggap mo sa iyong tahanan. Ang mga serbisyong iyon ay pahinga, mga suporta sa pamumuhay sa komunidad, mga serbisyo ng maybahay, pag-aalaga, tulong sa kalusugan sa bahay, pagsasalita/pandinig/wika, occupational therapy at physical therapy. Kung hindi ka sigurado kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga serbisyong ito, maaari kang sumangguni sa iyong Spending Plan o IPP. Ang batas pederal ay ipinatupad upang matiyak na nakukuha mo ang mga serbisyong kailangan mo.



Hindi binabago ng EVV kung paano ibinibigay ang iyong mga serbisyo, kung saan mo natatanggap ang iyong mga serbisyo o kung sino ang nagbibigay ng mga ito sa iyo.

Maaaring ginagawa na ito ng ilang kawani sa inyong tahanan at hindi babaguhin ng pederal na batas na ito ang kanilang ginagawa.

Para sa ilang kawani na nagsisimula pa lamang magrekord ng EVV sa kanilang mga pagbisita sa inyo, gagamit sila ng cefon, landline na telepono o iba pang paraan upang idokumento ang kinakailangang impormasyon. Kapag ginagawa nila ito, elektroniko nilang iniulat ang oras ng kanilang pagdating, oras ng kanilang pag-alis, kung nasaan sila, sino sila, kung sino ang kanilang katrabaho at kung anong serbisyo ang kanilang ibinibigay. Ang lahat ng mga puntong ito ay bahagi ng EVV, ang bagong pederal na kinakailangan.

Hindi kailangang sumunod sa EVV ang ilan sa iyong mga tauhan; halimbawa, isang tauhan na nakatira kasama nila. Ang isang kawani ay itinuturing na isang 'live-in staff' kung sila ay regular na nananatili sa iyong tahanan nang higit sa 24 oras sa isang pagkakataon at handang magbigay ng iyong mga serbisyo.

Kung natatanggap mo ang mga serbisyong nabanggit sa itaas sa iyong tahanan, kausapin ang iyong tagapagkaloob ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pinansyal tungkol sa EVV

Ang mga madalas itanong (FAQs) ay makikita sa mga link na ito:

Ingles [Mga Madalas Itanong \(ca.gov\)](https://www.dds.ca.gov/faq)

Espanyol: [Preguntas frecuentes \(ca.gov\)](https://www.dds.ca.gov/faq)

Maaari ring ipadala ang mga katanungan tungkol sa EVV sa pamamagitan ng email sa: EVV@dds.ca.gov